**SUPERIOR COURT NG ESTADO NG CALIFORNIA, COUNTY NG ALAMEDA**

# KALAKIP NG PLEA SA MISDEMEANOR: VC 23103 / 23103.5

ANG TAUMBAYAN v. ________________________________________ BLG. NG KASO: __________

**MGA TAGUBILIN**: Basahin ang form na ito kung guilty o no contest ang ipi-plead mo sa isang kaso ng walang ingat na pagmamaneho, na pinagaan mula sa kasong pagmamaneho nang nasa impluwensya. Lagdaan lang ang form kung ganap mo itong nauunawaan. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa form na ito, magtanong sa iyong abugado o sa hukom. Isumite ang form na ito kasama ng form na **Abiso sa Mga Karapatan, Waiver, at Plea sa Misdemeanor.**

| **MGA PANGUNAHING KAHIHINATNAN PARA SA HATOL SA SEKSYON 23103 / 23103.5 NG KODIGO NG SASAKYAN** | | |
|---|---|---|
| **Paglabag** | **Sentensyang Walang Probation** | **Sentensyang May Hanggang 3 Taon na Probation** |
| Kodigo ng Sasakyan (Vehicle Code, VC) 23103 bilang mas magaan na paglabag sa anumang kaso ng pagmamaneho nang nasa impluwensya (driving under the influence, DUI) | Pagkakabilanggo: 5 hanggang 90 araw at/o multang $145 hanggang $1,000, na may dagdag pang assessment sa multa.<br>Magsisilbing naunang hatol sa DUI sa loob ng 10 taon. | Pagkakabilanggo: hanggang 90 araw at/o multang $145 hanggang $1,000, na may dagdag pang assessment sa multa.<br>Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation.<br>Kinakailangang pumunta sa programa sa alak/droga maliban na lang kung may makatuwirang dahilan.<br>Magsisilbing naunang hatol sa DUI sa loob ng 10 taon. |
| **MGA PANGUNAHING KAHIHINATNAN PARA SA HATOL SA SEKSYON 23152 (a) at (b) NG KODIGO NG SASAKYAN** | | |
| **Paglabag** | **Sentensyang Walang Probation** | **Sentensyang May 3 Hanggang 5 Taon na Probation** |
| Ikalawang Paglabag sa DUI sa loob ng 10 taon | Pagkakabilanggo: 90 araw hanggang 12 buwan<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Sususpindihin ng Departamento ng Mga Sasakyang De-motor (Department of Motor Vehicles, DMV) ang lisensya nang 24 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. | Pagkakabilanggo: 96 na oras (sa minimum na 48 oras na block) o 10 araw, hanggang sa 12 buwan na pagkakabilanggo.<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) .<br>Mandatoryong kumpletuhin ang programa sa alak/droga sa loob ng 18 hanggang 30 buwan.<br>Sususpindihin ng DMV ang lisensya nang 24 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. |
| **MGA PANGUNAHING KAHIHINATNAN PARA SA HATOL SA SEKSYON 23152 (a) at (b) NG KODIGO NG SASAKYAN** | | |
| **Paglabag** | **Sentensyang Walang Probation** | **Sentensyang May 3 Hanggang 5 Taon na Probation** |

| | | |
|---|---|---|
| Ikatlong paglabag sa DUI sa loob ng 10 taon | Pagkakabilanggo (120 araw hanggang 12 buwan).<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Babawiin ng DMV ang lisensya nang 36 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. | Opsyon A: Tagal ng pagkakabilanggo at multa na pareho sa walang probation, at sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000).<br><br>Opsyon B: Pagkakabilanggo: 30 araw hanggang 12 buwan.<br>Multa: $390 hanggang $1,000, dagdag pa ang assessment sa multa.<br>Sususpindihin ang multa sa pagbawi ng probation ($100 hanggang $1,000) .<br>Mandatoryong kumpletuhin ang programa sa alak/droga sa loob ng 18 hanggang 30 buwan.<br>Babawiin ng DMV ang lisensya nang 36 na buwan; i-surrender ang lisensya sa hukuman. |

# ADDENDUM SA PLEA SA MISDEMEANOR: VC 23103 / 23103.5

## PAHAYAG NG TAGAUSIG NA ABUGADO SA PAGBABAWAS NG KASO

Ipinapakita ng sumusunod na impormasyon na may nauugnay na pagkonsumo ng inuming may alcohol at/o paggamit ng droga sa (mga) paglabag na kinasuhan sa kasong ito: ______________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

Narito ang (mga) dahilan ng pagbabawas ng kaso na nauugnay sa kasong ito:

☐ Problema sa Patunay ☐ May Ibang Paglabag na Mas Maayos na Nakasuhan ☐ Interes sa Katarungan

Ang impormasyong nagdirekta sa kongklusyong ito ay ang mga sumusunod: ______________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

Petsa: _________________________ ▶ ____________________________________
(LAGDA NG TAGAUSIG NA ABUGADO)

1. **Hiwalay ang Mga Aksyon ng DMV**: Nauunawaan ko na magagawa ng DMV na paghigpitan, suspindihin, o bawiin ang aking lisensya, iatas na tapusin ko ang isang programa para sa nakainom na driver, at iatas na maglagay ng ignition interlock device dahil sa pagkakaaresto o paghatol sa akin, kahit hindi ito iniaatas ng hukuman. Nauunawaan ko na karagdagan at hiwalay ang mga aksyong ito sa mga aksyong gagawin ng hukuman. Nauunawaan ko na kapag sinuspinde o binawi, hindi maibabalik ang aking pribilehiyo sa pagmamaneho maliban na lang kung nagbigay ako ng patunay na katanggap-tanggap sa DMV na matagumpay kong nakumpleto ang kinakailangang programa para sa nakainom na driver at ang patunay ng pagiging responsable sa pananalapi.
2. **Panganib ng DUI:** Nauunawaan ko na ang pagiging nasa impluwensya ng alak o droga o pareho ay nakakaapekto sa kakayahan kong ligtas na magpatakbo ng sasakyang de-motor. Kaya naman napakamapanganib sa buhay ng tao ang magmaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga, o pareho. Kung patuloy akong magmamaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga, o pareho, at may mamamatay bilang resulta ng pagmamanehong iyon, puwede akong kasuhan para sa murder. (VC 23593)
3. **Kung Ako ay Wala Pang 21:** Nauunawaan ko na kung wala pa akong 21 sa panahon ng aking pagkakaaresto, sususpindihin ng DMV ang aking lisensya (o iaantala ang pagbibigay nito) sa loob ng 1 taon, at dapat kong i-surrender ang aking lisensya sa hukuman. (VC 13202.5)

**Nabasa at nauunawaan ko ang lahat ng impormasyon sa dalawang pahinang ito.**

Petsa: _________________________ ▶ ____________________________________
(LAGDA NG NASASAKDAL)